ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Disyembre 13, 2020
www.cpp.ph

# Saludo kay Kasamang Eugenia "Eugene" Magpantay


**Komiteng Tagapagpaganap**
**Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**
**30 Nobyembre 2020**



Si Kasamang Eugenia "Eugene" Magpantay at asawang kapwa beteranong rebolusyonaryo na si Agaton "Ching" Topacio ay pinaslang nang buong lupit at walang kalaban-laban ng mga utusang berdugo ng pasistang rehimeng Duterte noong madaling-araw ng 25 Nobyembre sa Angono, Rizal.

Ayon sa ulat ng mga kapitbahay, pinaligiran ng makapal na hanay ng mga pasistang sundalo at pulis ang kanilang bahay, kapagdakang pinaulanan ng putok, saka pinasok at tuluyan silang pinaslang. Sa pahayag ng CIDG-PNP at ayon sa labis nang gasgas na iskrip tungkol sa mga pagpatay ala-Tokhang, ang dalawa daw ay nanlaban sa mga

*...sundan sa pahina 2*



# Pagpupugay kay Kasamang Agaton "Boy" Topacio

**Komiteng Tagapagpaganap**
**Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**
**30 Nobyembre 2020**

Sa ngalan ng Partido, taos-puso kaming nakikiramay sa mga anak, apo, pamilya at mga kasama ni Kasamang Agaton "Boy" Topacio na kahit wala nang laban ay planado at walang-awa pa ring pinatay ng mga armadong galamay ng pasistang rehimeng Duterte sa Angono, Rizal noong 25 Nobyembre 2020.

Si Kasamang Boy, 68 taong gulang ay galing sa uring manggagawa, unyonista at aktibista sa pabrika ng tela, at kasapi ng pangkulturang samahang Panday Sining noong 1970.

*...sundan sa pahina 3*

*"...Magpantay" mula sa pahina 1*

nagsisilbi ng mga *warrant of arrest* at *search warrant* sa paboritong oras ng kapulisan, kalaliman ng dilim habang nahihimbing ang mga target. At syempre pa, tinaniman sila ng arsenal ng mga granada, pistola at ripleng mataas ang kalibre.

Si Kasamang Eugene ay ilang taon nang retirado dahil sa malubhang karamdaman. Napilitan siyang magpahinga dahil sa diabetes at kronikong arthritis na sumira sa kanyang mobilidad; kalauna'y nakumplika pa ang kanyang sakit ng stroke at hypoxia (kakapusan ng suplay ng oxygen sa utak) na naging sanhi ng ilang araw na pagka-comatose niya. Samantalang si Kasamang Ching ay nauna nang kaunti na nagretiro dahil sa sakit sa puso.

Mariing kinokondena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang uhaw-sa-dugong kampanya ng pamamaslang ng pasistang rehimeng Duterte sa mga rebolusyonaryong wala na sa katayuang lumaban. Lansakang paglabag ang mga ito sa CARHRIHL at JASIG na pinirmahan ng NDFP at GRP at mga internasyunal na batas at internasyunal na makataong batas. Ang brutal na pamamaslang na ito ay tampok na bahagi ng antikomunistang teror na tatlong taon nang inihahasik ng rehimeng Duterte sa hibang na hangad na lunurin sa dugo ang hukbong bayan at rebolusyon bago 2022.

Taos-puso kaming nakikiramay sa mga anak at apo ni Kasamang Eugene at Ching, sa kanilang mga kapatid, kamag-anak at kasama. Ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay taimtim na nagpapasalamat sa walang pag-iimbot na pag-aalay nila ng lahat ng kanilang lakas, talino at buhay, sa kanilang matapat at maningning na paglilingkod upang maisulong ang pakikibaka ng sambayanan tungo sa ganap na pambansang kalayaan at tunay na demokrasya at sosyalistang hinaharap.

Si Kasamang Eugene ay kahanga-hangang lider ng Partido na sa mahigit apatnapung taon ay nakapagbigay ng malalaking ambag sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong gawain at pakikibaka, humawak ng mga responsableng pusisyon, at nagsilbing haligi sa iba't ibang linya, antas at saklaw.

Naging makabayang aktibista siya noong 1970 habang nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman at naging kasapi ng UP Nationalist Corps at Samahang Demokratiko ng Kabataan (SDK). Naging kasapi siya ng Partido noong magtatapos ang 1971 at naging organisador at lider ng progresibong kilusang kabataang estudyante. Nang ipataw ni Marcos ang paghaharing militar, pumaloob siya sa kilusang lihim sa Metro Manila-Rizal laban sa pasistang diktadura.

Noong 1976 nadakip siya ng mga galamay ng diktadura, tinortyur at ibinartolina sa loob ng 5 buwan. Pinalaya siya noong Agosto 1977 pero muling inaresto noong Setyembre 1977. Udyok ng matinding galit sa dinanas na mga pasistang pang-aabuso, tumakas siya noong Disyembre 25, 1977 at pumunta sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Naging giyang pampulitika siya ng sandatahang yunit pampropaganda sa Nueva Ecija.

Nahalal siya bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Kanlurang Gitnang Luzon at itinalaga sa gawaing edukasyon. Nalipat siya sa Cagayan Valley noong 1981 at nahalal sa Komiteng Rehiyon doon, naging kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap at kalihiman bilang pinuno sa gawaing edukasyon.

Noong 1983 naging kagawad siya ng Northern Luzon Commission (NLC) na responsable sa edukasyon ng Partido. Noong 1985 nahalal siyang kagawad ng Komite Sentral. Noong 1992 nahalal siya muli sa Komite Sentral ng Partido at Kawanihang Pampulitika at itinalagang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Gitnang Luzon, tungkuling hinawakan niya hanggang 2006.

Bilang kalihim ng KR-GL, pinamunuan niya ang paglaban ng rehiyon sa kampanyang anti-Partido, paksyunalista at laban sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na Trotskyista at kontrarebolusyonaryo.

Mula 2007 hanggang 2015 pinamunuan niya ang Pambansang Kagawaran sa Edukasyon (Paked) ng Partido. Nanguna siya sa pagpapaunlad ng 3-antas na mga regular na kurso ng Partido, gayundin sa mga ispesyal na mga kursong teoretikal at pulitikal at iba't ibang mga kurso at gabay sa iba't ibang linya ng gawain at kasanayan. Naging kagawad din siya ng Higher Party School noong 2009.

Noong 2014 naging kagawad siya ng Interim KTKS na humawak sa sentral na pamumuno ng Partido, naghanda at nanguna sa pagdaraos ng Ikalawang Kongreso ng Partido.

Sa pamamagitan ng masikhay na pag-aaral at praktika, naabot ni Kasamang Eugene ang malawak at malalim na kaalaman at pag-unawa sa Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM); kasaysayan at lipunang Pilipino; at kasaysayan at mga problema ng rebolusyong Pilipino at rebolusyong pandaigdig. Sa pagharap sa mga problema at gawaing praktikal, mulat siya at nagpapaalala lagi sa pangangailangang mahigpit na ilapat sa kongkretong kalagayan ang mga teorya at prinsipyo ng MLM at ang linya at mga patakaran ng Partido.

Dahil sa malalim na sapol niya sa rebolusyonaryong teorya at praktika, matatag at wasto siyang naka-

ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Disyembre 13, 2020

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

panindigan laban sa mga impluwensya at tendensyang burgis at petiburgis sa loob ng Partido at militanteng nakitunggali sa mga kaisipang anti-Partido at kontrarebolusyonaryo sa labas at loob ng Partido.

Si Kasamang Eugene ay iginagalang at minamahal nang mabuti ng mga kasama at masa dahil sa kanyang prinsipyadong paninindigan, walang pag-iimbot na paglilingkod, kritikal na aktitud sa sarili, mainit na pakikisama, tatag sa harap ng mga kahirapan at sakripisyo, at marami pang kapuri-puring katangian. Siya ay tunay na proletaryong rebolusyonaryo at lider.

Pumanaw man si Kasamang Eugene hindi kailanman malilimutan ng mga komunista at rebolusyonaryo ang maningning niyang buhay.

**Pulang saludo sa rebolusyonaryong martir na si Kasamang Eugene!**
**Matatag na tahakin ang rebolusyonaryong landas ni Kasamang Eugene!**
**Ipaghiganti si Kasamang Eugene at iba pang martir at biktima ng pasistang lagim!**
**Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang ganap na tagumpay!**

---

*"...Tpoacio" mula sa pahina 1*

Naging kasapi siya ng Partido noong 1971 at tuluy-tuloy na nag-ukol ng kanyang buong panahon sa mga gawain sa rebolusyon. Nang ipataw ang paghaharing militar ni Marcos naging bahagi siya ng kilusang lihim sa kalunsuran hanggang madakip noong 1973. Apat na taon siyang inilipat-lipat sa mga bilangguan sa mga kampong militar, mula Kampo Olivas, Stockade 4 sa Crame at Bicutan. Magkasama sila ni Kasamang Eugenia Magpantay na nakatakas noong Pasko ng 1977, pumunta sa kanayunan at sumapi sa hukbong bayan sa Nueva Ecija, probinsyang sinilangan ni Kasamang Boy.

Ilang taong naging pinunong pampulitika siya ng sandatahang yunit pampropaganda na nagpalawak at nagpalakas ng mga sona at baseng gerilya sa probinsya. Napanday siya sa mga kahirapan at pagsubok ng mga taon ng pagpupundar mula sa halos wala, ng pagtitiis sa mga matinding kasalatan, matiyagang pagkuha sa loob, pagpukaw at pag-oorganisa ng mga magsasaka, at mapangahas na pagsusulong ng armadong paglaban mula sa iilang piraso ng baril at bala. Noong 1979 natalaga siyang kagawad ng Komiteng Rehiyon - Silangang Gitnang Luzon.

Nalipat siya sa Cagayan Valley noong 1981 at naging kagawad ng komiteng rehiyon doon. Nagboluntaryo siya sa pagbabalik ng hukbo sa Nueva Vizcaya at tumayong kalihim ng Partido at kumander ng hukbo. Matagumpay na muling nabuo at napalawak ang mga sonang gerilya, naisulong ang kilusang magsasaka at napasigla ang pakikidigmang gerilya sa probinsya. Noong 1982 itinalaga siyang kalihim ng Partido at pampulitikang instruktor ng platung sentro-de-grabidad ng Cagayan Valley.

Noong 1983 ay nalipat siya sa Cordillera at naging kumander ng pangunahing yunit gerilya ng Cordillera sa panahon ng kasagsagan ng pakikibaka sa pasistang diktadurang Marcos. Mabilis na lumawak at tumindi ang pakikidigmang gerilya sa rehiyon, malakihang sumulong ang kilusan ng mamamayang Cordillera para sa pagpapasya sa sarili at pambansang demokrasya, at lumakas ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon at pakikibakang bayan. Subalit pagkabagsak ng pasistang diktadurang Marcos ginulo ang hukbo at kilusang masa ng pananabotahe at panghahati ng kontrarebolusyonaryong pangkating Balweg.

Bumalik si Kasamang Boy sa Gitnang Luzon noong 1987 at itinalaga bilang kalihim ng Partido at kumander ng hukbo sa saklaw ng Pampanga, Bataan at Bulacan at kagawad ng rehiyunal na pamatnugutan sa operasyon.

Sa sumunod na mga taon ay gumanap siya ng iba't ibang namumunong tungkulin sa rehiyunal at subrehiyunal na organisasyon ng Partido at hukbong bayan sa Gitnang Luzon.

Nang pumutok ang todong kampanyang anti-Partido ng mga kontrarebolusyonaryong taksil sa pambansang antas at rehiyon noong 1992, kabilang si Kasamang Boy na matatag na nanindigan para sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo, nagsulong sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at puspusang lumaban sa anti-Partidong paninira at panghahati. Noong 2002 nahalal siyang kagawad ng Komite Sentral.

Bandang 2009 ay muli siyang itinalaga sa Gitnang Luzon bilang kagawad ng komiteng rehiyon at kumander ng pamatnugutan sa operasyon ng rehiyon hanggang sa magretiro siya dahil sa malubhang karamdaman.

Bilang pagkilala sa kanyang matapat sa pagpuna sa sarili at pagtutuwid sa naging kahinaan at makabuluhang ambag sa pagpapanibagong-lakas sa rehiyon, muli rin siyang nahalal na kagawad ng Komite Sentral noong 2014 at 2016.

Biktima ng pasistang kalupitan at rebolusyonaryong martir si Kasamang Boy. Paulit-ulit na pinatunayan niya sa maraming mahirap at gipit na kalagayan ang kanyang katatagan at katapatan sa rebolusyon. Ang isang nakababatang kapatid niyang lalaki ay biktima rin ng matinding tortyur nang madakip noong panahon ng rehimeng Aquino I at hindi na inilabas ng mga pasistang berdugo hanggang ngayon, at ipinagpapalagay na matagal nang pinaslang.

Pumanaw man si Kasamang Boy patuloy na mananatiling buhay sa alaala at isip ng Partido at masa ang kanyang matibay na rebolusyonaryong paninindigan at ubos-kayang paglilingkod sa rebolusyon at sambayanan.

**Pulang saludo sa rebolusyonaryong martir na si Kasamang Boy!**
**Matatag na tahakin ang rebolusyonaryong landas ni Kasamang Boy!**
**Ipaghiganti si Kasamang Boy at iba pang martir at biktima ng pasistang lagim!**
**Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang ganap na tagumpay!**